# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG SETYEMBRE 18, 2023, LUNES, IKA-9:38 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | ..... | Kagawad/ABC Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Regine S. Regalado | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RECORDED By: [signature] 02 OCT 2023 Santa Cruz, Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN RELEASED NAME [signature] DATE 10/03/23 TIME ____ STA. CRUZ, LAGUNA

**KAPASIYAHAN BLG. 358-T2023**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 074-T2023 / KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 04-T2023 NG BARANGAY BUBUKAL, SANTA CRUZ, LAGUNA NA NAGDARAGDAG NG ALLOWANCE NG MGA KATULUNGIN NG BARANGAY PARA SA TAONG 2024.**

**SAPAGKAT**, may kahilingan ang Sangguniang Barangay ng Bubukal sa sangguniang ito na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 074-T2023 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 04-T2023 na nagdaragdag ng allowance ng mga Katulungin ng Barangay para sa taong 2024;

**SAPAGKAT,** ang nasabing kahilingan ay iniliwat sa mga Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Barangay Affairs para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKAT,** may pasubaling anumang gagawing paglalabas ng gugulin ay pananagutan ng Sangguniang Barangay.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kgg. Rizaldy N. Kalaw (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan nina Kgg. Esmeraldo C. De Las Armas, Jr., Kgg. Lucena R. Odejar, Kgg. Ambiel John C. Panganiban at Kgg. Patrocinia S. Kalaw at sa pagsang-ayon ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 074-T2023 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 04-T2023 na nagdaragdag ng allowance ng mga Katulungin ng Barangay para sa taong 2024.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran, Sangguniang Barangay ng Bubukal at mga may kinalaman, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang

**PINAGTITIBAY. Setyembre 18, 2023.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA LUISA F. JOLO**
Gumaganap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

10/2/23
**KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan

09282345